

KOMUNIKASYON AT PANGKALAHATANG KAALAMAN (3-5 TAONG GULANG)

Ang **komunikasyon** ay may kinalaman sa pagsasalita at pakikinig. Ito ay ang abilidad na malinaw na makapagpahayag ng pangangailangan at maunawaan ng iba.

Ang **pangkalahatang kaalaman** ay ang interes sa ginagalawang daigdig.

Ang kabataang mahuhusay makipagkomunikasyon at nag-uusisa para makilala ang kanilang daigdig ay mga kabataang handang magpakahusay – sa paaralan at sa kanilang buong buhay.

Mga preschooler na may husay sa komunikasyon at kasanayan sa pangkalahatang kaalaman:

- Nagsasalaysay ng mga kuwento
- Gumagamit ng maguni-guning laro (nagkukunwaring pirata, o nagguguni-guni na ang isang bloke ay isang tore)
- Nakakaunawa kapag sila ay naatasang gumawa ng kung anong bagay
- Nagsasabi ng mga pangangailangan sa nakatatanda sa isang paraan na madaling unawain

Mga paraang makakatulong sa inyong anak para paunlarin ang mga kasanayan sa komunikasyon at pangkalahatang kaalaman:

- **Makinig sa inyong anak nang di nanggagambala**
- **Magtanong tungkol sa naging araw ng anak ninyo** – Maghapag ng bukas na katanungan gaya ng “Anong ginawa mo sa labas?” imbes na “Maganda ba ang naging araw mo?” para ang anak ninyo ay makapagpalawig pa ng isasagot kaysa “oo” at “hindi” lamang.
- **Hayaan ang anak ninyong makapagtanong ng maraming katanungan** – Kapag ang anak ninyo ay nagtatanong ng maraming tanong, ibig sabihin nito ay gusto nilang alamin ang tungkol sa daigdig. Tinatanong nila kayo dahil nagtitiwala silang sasabihin ninyo sa kanila kung ano ang gusto nilang malaman.
- **Makipag-usap tungkol sa mga damdamin** – “Ano ang nakapagpapalungkot sa iyo?” Kapag sabay na nagbabasa ng libro, pag-usapan kung ano ang maaring damdamin ng isang tao o tauhan sa isang libro at ano ang maaaring kailanganin nila.
- **Magbasa na kasama ang anak** at pag-usapan ang librong binasa ninyo. Subukang pag-ugnayin ang mga karanasan, mga ideya at mga libro,

halimbawa, kumakain sila ng tinapay na pinalamanan ng vegemite, maging imbisibol rin kaya sila gaya ng sa librong, *Possum Magic*.

- **Sabay na umawit ng mga kanta**, lumikha ng mga rima at makukulit na biro.
- **Makipaglaro ng kunwa-kunwarian at guni-gunian** – mag-kostyum kaya o gumamit ng ibang bagay sa bahay. Hayaan silang maglaro ng maraming laruan at iba-ibang materyales (mga abaloryo, clay, mga dahon, mga sipit, mga bloke).
- **Hikayatin ang inyong anak** – ang positibong pagpuri para sa mga tangka ng inyong anak ay nakatutulong sa kanila upang matutunan ang komunikasyon. Ang pagtawanan ang pagkakamali nila ay di nakahihikayat sa kanila upang sumubok.
- **Maging maláy sa mga bagay na mahalaga sa inyong anak** – magtanong tungkol sa mga kaibigan, mga paboritong laruan, mga pelikula o mga libro.
- **Magtaguyod ng mga karanasan** – ang pagtungo sa pamilihan, sa aklatan o sa parke nang magkasama, o pagguhit at pagpinta nang sabay ay pawang mga opurtunidad para paunlarin ang kasanayan sa komunikasyon at pangkalahatang kaalaman.
- **Maghapunan nang sabay bilang isang pamilya** – ito ay isang mahalagang oras sa lahat ng miyembro ng pamilya para pag-usapan ang kanilang araw. Isama ang inyong anak sa mga pag-uusap ng mga nakatatanda.
- **Magtakda ng limitasyon sa TV, kompyuter at mga larong bidyo** – magbibigay ito sa inyong anak ng panahon upang pag-usapan ang mga tunay na karanasan. Ang paggamit ng kompyuter, panonood ng TV o mga DVD, kahit mga pang-edukasyon ay di nakatutulong sa inyong anak na matutong makipagkomunikasyon.
- **Ang bata ay natututo ng iba-ibang bagay sa iba-ibang tao** – kaya't dalawin ang mga kaibigan at pamilya, makipagtagpo sa ibang mga magulang, magtungo sa playgroup.
- **Buong nayon ang kailangan upang magpalaki ng isang bata** – kaya't gamitin ang mga serbisyo sa inyong komunidad, gaya ng oras ng kuwento sa aklatan, mga parke, mga museo, mga swimming pool, mga preschool, atbp.
- **Di kailangang maging mayaman para magkaroon ang inyong anak ng mayamang kaligiran ng pagkatuto.** Ang mga laruan at mga libro ay

maaaring hiram sa mga aklatan. Kadalasang may okasyong pambata sa inyong komunidad – basahin at alamin ito sa mga pahayagan.

- **Kausapin ang inyong anak sa wikang palagay kayo** – Sinisiguro nito na mahusay nilang matutuhan ang isang wika. Tulungan ang inyong anak na simulang aralin ang Ingles bago sila magsimulang mag-eskuwela sa pamamagitan ng pag-enrol sa kanila sa preschool o child care.
- **Kalugdan ang kapanapanabik na panahong kasama ng inyong anak.**

